



# Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building - 3F

Community Activity Support Section



Website ♪



Instagram ♪

## Bulaklak na pwedeng ma-enjoy sa Koshigaya ngayong Marso



❁ Niigata-gawa (along the river) Cherry Blossoms  
Sa gitna ng Marso, may halos 20 ka puno ng bellflower cherry (kanhizakura) at rosebud cherry (higanzakura) na pwedeng ma-enjoy kung malapit sa Hanata.  
Tandaan: Walang maparadahan ng sasakyan.

❁ Moto-Arakawa River Embankment  
Cherry Blossoms (Malapit sa Kita-Koshigaya Station)  
Tandaan: Walang maparadahan ng sasakyan.



❁ Dewa Park Cherry Blossoms  
\*May available na iilang parking space.

## 🌷 Dewa Tulip Community Festival 2024

Kailan: Marso 31, Linggo; 9:45am - 4:00pm

\*Ang tulip garden ay pwedeng ma-enjoy mula Marso 25.

Saan: Dewa Park

Ano: 60, 000 tulips na may iba't-ibang kulay, events, refreshment booths, atbp. na pwedeng ma-enjoy sa araw ng festival.

\*May ipamimigay na potted tulips pagkatapos ng event.

Impormasyon: Dewa District Community Promotion Council (Dewa Community Center)

☎ 048-940-7521



## Kumonsulta o magtanong kung kinakailangan

Kung may mga pag-alala, problema, tanong at iba pa sa pang-araw-araw, huwag mag-alinlangan na kumonsulta sa mga nakatakdang opisina.

Saan	Ano	Telepono
YORISOI	Kung may problema kaugnay sa trabaho, bahay o pinansyal kaunay sa pang araw-araw na gastusin	048-963-9212
KOSODATE SALON (Child Policy Promotion Section)	Kung may gustong i-konsulta kaugnay sa pag-aalaga ng bata	048-963-9165
General Consultation Counter	Kung may gustong i-konsulta at hindi alam kung saang opisina magpunta	*City Hall Main Entrance Bldg. 1F
DV consultation and support center for women	Konsulstasyon para sa mga babae, kaugnay sa partner, pananakit ng asawa at iba pa	048-970-7415

\*Kung nahihirapan sa salitang Hapon, may interpreter sa wikang English, Filipino, Chinese, Vietnamese o di kaya online interpretation service. Sabihin lang sa staff ang sumusunod: *Nihongo ga wakarimasen. Firipin-go no tsuyaku onegai shimasu.*

## Sa panahon ng emerhensiya kaugnay sa kalusugan

Konsultasyon kaugnay sa biglaang pagkakasakit at paghanap ng bukas na ospital o klinika...

Telephone consultation:

● **Saitama Emergency Telephone Consultation**  
(bukas 24 oras)  
☎ #7119  
☎ 048-824-4199

Chat-type consultation:

● **Saitam AI Emergency Consultation**  
\*Basahin ang QR code sa ibaba kung kinakailangan.



### ● Night-time Emergency Clinic

\*Bukas sa buong taon  
\*Matatagpuan sa  
Koshigaya health center  
☎ 048-960-1000

Internal Medicine at Pediatrics only	
Oras ng tanggapan	7:30pm – 10:30pm
Oras ng paggamot	8:00pm – 11:00pm

\*Ang gamot na ibibigay ay sa loob ng isang araw lamang.  
\*Tumawag muna bago magpunta.

Konsultasyon o checkup kaugnay sa COVID-19:

● **Saitama Coronavirus General Consultation Center** (bukas 24 oras)  
☎ 0570-783-770

↓ Kung may problema sa pandinig  
FAX: 050-8887-9553

Kaugnay sa klinika at iba pa kung saan pwedeng magpa checkup atbp. ng COVID-19:

● **Saitama Medical Services Search System**



## Maging handa sa lindol

Nagkakaroon ng malaking lindol sa Noto Peninsula noong Enero 1, 2024 at malaki ang pinsala nito. Hindi natin alam kung kailan, anong araw, anong oras at iba pa mangayayari ang lindol. Maging handa tayo araw-araw sa pagtugon kung may lindol at ng maging pinsala nito.

### Mga kailangang paghahanda

- 1) Siguraduhing hindi matutumba ang mga furnitures o malalaking gamit ng bahay kapag may lindol.
- 2) Siguraduhing may paraan na makakakuha ng bagong impormasyon tuwing may lindol.
- 3) Maghanda ng pagkain, inumin, portable toilet atbp. na pwedeng gamitin tuwing may emerhensiya.



Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa Disaster Preparedness Guidebook

Koshigaya City Comprehensive Disaster Preparedness Guidebook (Koshigaya-shi Sogo Bosai Guidebook)	
Koshigaya City Comprehensive Disaster Preparedness Guidebook in English, Chinese, Vietnamese and simple Japanese.	

Impormasyon: Crisis Management Office (KIKI KANRI SHITSU)  
City Hall Main Building 3<sup>rd</sup> floor, ☎048-963-9285

### ~Tomoni Aruko~






Illustrated by Saiinji

*Ang pahina na ito ay nagpapa kilala ng mga sumusuporta sa proyekto kaugnay sa isang multi-kulturang pamayanan. Ang magbabahagi ngayong buwan na ito ay si Kawada-san. Siya ay isa sa mga naka rehistrong boluntaryong tagapagsalin o interpreter ng Koshigaya.*

Kumusta? Ako si Kawada Chimako. Nagtuturo ako ng wikang Hapon dito sa Koshigaya bilang isang volunteer. Hindi ko masyadong inaalala kung anong aklat o materyales ang gagamitin. Sa simula ng klase, tinatanong ko ang petsa, araw, oras, mainit o malamig ba, paboritong sports, pagkain, at iba pang tema na maging interesado at pwedeng mapag-usapan. May panahon na nahihirapan akong ipaliwanag ang mga tanong tulad ng kung ano ang pagkakaiba ng [kore, sore, are], [Watashi wa] at [Watashi ga]. At dahil dito lalo kung naintindihan ang kasabihan na "to teach is to learn twice". Sa panahon na lalo tayong gumagamit ng teknolohiya, nababawasan ang oportunidad ng harap-harapang pag-uusap ng mga tao. Kahit sa mga restoran, pindotin mo lang at makapag order ka na. At pwede na ring magbayad gamit ang card o cashless sa mga supermarmarket at iba pa. Ngunit kahit sa panahon ng pag-unlad ng teknolohiya, importante para sa mga dahuyan na naninirahan sa Japan ang pagkakaroon ng oportunidad na aktwal na gamitin ang wikang Hapon sa pagsasalita habang nakikipag-halubilo. Sa ganito lalong mapahusay ang kanilang kakayahan sa wikang Hapon. Kaya tayong mga Hapon, gawin nating motto na maging mabait sa mga dayuhan dito sa Japan. Sigurado na hindi nila makakalimutan ang ating kabutihan.

# Japanese Language Classes sa Buwan ng Marso

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
					1	2 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
3	4	5 ☆Minna de Nihongo	6 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	7	8 ☆Nihongo de Go!②	9 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
10	11	12 ☆Minna de Nihongo	13 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	14	15 ☆Nihongo de Go!①	16 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
17	18	19 ☆Minna de Nihongo	20 <b>Walang pasok</b>	21	22 ☆Nihongo de Go!②	23 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu
24	25	26 ☆Minna de Nihongo	27 <b>Walang pasok</b>	28	29 <b>Walang pasok</b>	30 ☆Lingual Koshigaya Walang pasok ang Kosumo Kodomo Kyoshitsu
31						

<b>Minna de Nihongo</b> ¥500/buwan	Kailan: Tuwing Martes, 10:00 AM – 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F Impormasyon: ☎ 048-989-6342 (Imaizumi-san)
<b>Nihongo Circle</b> [¥100/lesson] *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	Kailan: Tuwing Miyerkules, 10:00 AM – 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F Impormasyon: ☎ 080-5405-9191 (Tanaka-san) <div style="text-align: right; margin-top: 10px;">  </div>
<b>Kosumo Nihongo Salon</b> ¥100/lesson	Kailan: Tuwing Miyerkules, 7:00 PM – 8:30 PM Saan: Hot Koshigaya, Parte Kita-Koshi 3rd floor Impormasyon: ☎ 090-5347-2041 (Kojima-san) <div style="text-align: right; margin-top: 10px;">  </div>
<b>Nihongo de Go!</b> [¥100/lesson]	Kailan: Tuwing Biyernes, 1:30 PM – 3:30 PM Saan: ①Co-op Plaza Koshigaya ②Minami Koshigaya Community Center (Pallette) Impormasyon: ☎ 090-5574-7070 (Takayama-san)
<b>Lingual Koshigaya</b> (Libre) *Mag-text bago magpunta.	Kailan: Tuwing Sabado, 10:00 AM – 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F Impormasyon: ☎ 080-3478-3314 (Suzuki-san)
<b>Tabunka Kodomo Gakushu Juku</b> (Libre)	Kailan: Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 PM – 3:30 PM Saan: Community Activity Support Center (Twin City, B City - 5F) Impormasyon: ☎ 090-7422-2002 (Ogawa-san)
<b>Kosumo Kodomo Kyoshitsu</b> (Libre)	Kailan: Tuwing Sabado, 1:30 PM – 3:30 PM (Maliban sa ika-5 Sabado) Saan: Saitama Resona Sengendai Branch 3F, Youth Base Impormasyon: ☎ 090-8310-9522 (class in-charge) <div style="text-align: right; margin-top: 10px;">  </div>